**Buod ng "Banaag"**

Isang aktibista si Banaag. Hindi niya maintindihan kung bakit bughaw ang kaniyang mata at hindi na siya naniniwala sa kuwento ng kaniyang tatay ni Delfin. Hindi rin niya maintindihan ang kaniyang laging pananaginip sa isang lalaking hindi naman niya kilala. Isang araw, matapos ang rali, nakasabay niya sa dyip ang lalaking iyon. Pagkagising niya kinabukasan, isa na siyang estudyanteng nars, may bago nang alaala, at walang kaalam-alam na bago ang araw na iyon, isa siyang aktibista. Habang pinagdaraanan niya ang buhay-nars, hinahanap ng mga aktibista ang desaparesidong si Banaag.

Nagmula ang pangalang Banaag sa pag-uusap nina Delfin at Felipe sa Banaag at Sikat tungkol sa magiging pangalan ng anak ni Delfin. Gusto ni Felipe ang pangalang Banaag. Nagustuhan din ito ni Delfin ngunit napagpasiyahan niyang sumunod na lamang sa utos ng kaniyang inahin na ibatay ang pangalan sa kalendaryong Katoliko.

**Banaag**

> "...kung gayon, ang mabuting ingalan mo sa iyong anak ay si *Banaag*... Ang batang iyan ay siya nating imulat na samga bagong ilaw ng panahon, yayamang tayo, anuman ating gawin, ay di pa makagigitaw kung sa mga panahong ito lamang... Ang batang iyan ang aabot nang kataon sa mga araw na hindi na ganito ang lakad ng mga pamamayan, pamumuhay, pananampalataya at pag-aasal ng mga pilipino."
>
> -Felipe, *Banaag at Sikat*

ISANG UMAGA, NANG magising si Banaag mula sa kaniyang malulungkot na panaginip, natagpuan niya ang sarili na suot-suot ang kaniyang unipormeng pang-nars. Hindi niya maalala kung bakit hindi siya nakapagbihis, o kung napagod ba siya noong nakaraang araw, o kahit kung paano nga ba siya nakauwi mula nang bumaba siya ng dyip sa Edsa Rotonda. Hindi rin niya maalala, o wala na sa kahit anong bahagi ng kaniyang alaala at pagkatao, na bago siya bumaba ay hindi siya mag-aaral ng nursing sa Centro Escolar University, kundi isang aktibistang kagagaling lamang sa rali sa may Mendiola.

Malinaw sa kaniyang isip ang mga naaalala niyang nangyari noong nakaraang araw bago ang pagbaba niya sa dyip. Tinanghali siya ng gising at malapit nang mahuli para sa pagsusulit nila sa NCM 102. Tinext niya ang kaniyang matalik na kaibigan ng malalaking titik at numero tulad ng OMG at L8 N Q kasama ang libo-libong exclamation point. Sa kaniyang pagkataranta, nakalimutan na niyang gunitain ang napanaginipan na halos uma-umaga niyang ginagawa; wala na ring natirang pagkain sa ref kaya't hindi na siya nag-almusal; nagmumog lang, nagbihis, sinuksok sa pekeng Barbie na bag—regalo ng una niyang kasintahan noong grade 6—ang id, bolpen, at kung ano-ano pang hindi niya namamalayang kinukuha niya mula sa kaniyang study table, dinala ang napakakapal na Textbook of Medical-Surgical Nursing at saka kumaripas palabas ng apartment na binabayaran ng kaniyang tiyong nagtatrabaho sa Netherlands.

Papara na dapat siya ng taksi sa kanto ng Tramo at Edsa, na madalas niyang gawin tuwing nagmamadali siya o tinatamad sumakay ng dyip o ng tren. Ngunit naalala niyang kabibili lang nga pala niya ng bagong sapatos noong nakaraang araw para sa gaganaping party sa Sabado at sa katapusan pa ng buwan magpapadala ng pera ang kaniyang tiyo, kaya't sumakay na lang siya ng dyip. Pagdating sa may Mendiola, tumakbo na siya nang todo-todo at binalewala ang mga akbitistang nagpoprotesta sa kanto.

Nakarating siya sa silid 45 minuto na ang nakalipas mula nang magsimula ang pagsusulit. Napangisi si Clarisse, ang kaniyang tinext na hindi nagreply, at napasimangot pa lalo ang habambuhay nang nakasimangot na si Ma'am Severino. Hindi siya kinausap nito at iniabot na lang ang questionnaire at answer sheet. Iniwasan niya ang kaibigang nakangisi pa rin at umupo sa likod. Saglit niyang pinunasan ang kaniyang mukha, nag-antanda at bago pa matigil sa kahihingal, nagsimula na siyang sumagot. O tinangkang makasagot, habang naiinis pa rin sa ngisi kay Clarisse. Hindi lumilipas ang isang araw nang hindi tinatanong ni Banaag ang sarili kung bakit nga ba niya naging kaibigan ang nakakairitang babae na iyon.

At araw-araw, nasasagot siya ni Clarisse sa pamamagitan ng pagyaya nitong gumala na lang sila sa Centerpoint. Sa araw na iyon, tatanggi na sana si Banaag ngunit binanggit agad ni Clarisse na siya ang gagastos sa lahat; alam naman niyang naubos na ang pera ng kaniyang truest and bestest friendship noong huli silang nag-shopping, dagdag pa niya. Tumodo ang ngiti ni Banaag at wala nang pag-aalinlangang pumayag. Sa dami ng nabili ni Clarisse at sa tindi ng kanilang tsismisan, ginabi sila. Ihahatid pa sana siya ni Clarisse pauwi dahil madaraanan naman ng taksi ang Edsa Rotonda, pero nahiya na siya. Ayaw rin niyang makita ni Clarisse kung saan siya nakatira, o higit pa, kung sino ang hindi nakatira doon.

Nang makahanap ang kaibigan ng taksi, sumakay na siya ng dyip pa-Quiapo para doon naman sumakay ng pa-Edsa. Dito na nagsimulang lumabo ang kaniyang alaala. Ngunit, isip ni Banaag, wala namang kakaiba roon sa biyahe para matandaan niya nang sobrang linaw, iyon din naman kasi ang lagi niyang daan kapag hindi siya nagmamadali. Hindi rin niya maalala ang mga pasahero, ngunit paminsan-minsan lang din niya natatandaan ang kaniyang mga kasabay. Hindi rin siya gaanong nabahala na wala siyang natatandaan sa mga nadaanan nila, na parang siya, iyong dyip, at ang mga walang mukhang pasahero lamang ang nailalarawan ng kaniyang isip, at sa paligid ng larawang ito, isang kalsada ng kawalan. Ang hindi talaga maintindihan ni Banaag ay kung bakit ang pagbaba niya sa dyip sa Edsa ang huling naaalaala niya sa araw na iyon.

Ang hindi pa nalalaman ni Banaag ay hindi pa iyon ang kaniyang mga alaala, hindi pa iyon ang itsura ng kaniyang daigdig at kasaysayan, hindi pa iyon ang bihis ng kaniyang pagkatao at buhay noong nakasakay siya sa dyip pauwi, noong makatapat niya ang lalaking sundalo ng kaniyang mga panaginip.

Kung hindi naganap ang pagtatagpong iyon, maaalala ni Banaag na nagising siya sa may Vicente Cruz noong nakaraang araw sa HQ ng sektor pangkabataan o YS ng kanilang kilusan, huli na naman sa naitakdang oras ng pagmamartsa patungong Mendiola para sa anibersaryo ng masaker ng mga magsasaka roon. Pagkabangon niya, wala nang natira sa  humigit-kumulang 15 taong natulog sa makitid na bahay upang maplano at mapaghandaan ang protesta.

Tiningnan niya ang kaniyang selpon at nabasa ang mensaheng “mads, ndi k n nmn nmin mgcng knina.umnom k n nmn b kgbi ng d nmin nmmlyn? blisn m at mgsslta k p mmya.” Tanghali na naman siyang nagising dahil sa kaniyang panaginip. Nang walang pag-agahan, pagsipilyo o pagligo—alin man doon ay hindi naman niya araw-araw nagagawa—nagbihis siya ng pang-itaas, kinuha ang kaniyang napulot na pekeng Barbie na bag noong nakaraang linggo sa

rali sa Welcome, ipinasok doon ang mga polyeto, plakard, watawat at iba pang maaaring magamit sa martsa, hinanap ang papel na pinagsulatan ng balangkas ng kaniyang sasabihin sa programa, tinago ang mga delikadong dokumentong nakakalat, sinusian ang tatlong kandado, tiniyak na saradong-sarado ang pinto, binati ang kapitbahay na tinderang si Aling Gunding at nag-abang ng dyip.

Ngunit, noong may parating nang dyip, naalala niyang kauubos lamang ng pera noong nakaraang gabi. Hindi pa sila nagkikita ng kaniyang magulang na sina Delfin at Meni mula nang naatasan silang tulungan ang mga nagpipiket na manggagawa ng isang pabrika ng langis sa Quezon isang buwan na ang nakalilipas at wala pang nakararating sa kaniyang pera na ipinangako ng mga itong ipapadaan sa mga kasamang lumuluwas pa-Maynila. Naisipan niya na kay Aling Gunding na lang umutang ngunit nahiya siya sapagkat kakukuwento lang nito noong isang araw na nalulugi na ang tindahan. Tinext niya si Bernard, ang nagtext sa kaniya kanina, kung nasaan na sila at nagsimula nang bagtasin ang Vicente Cruz.

Nang makatawid na siya sa España, binasa niya ang balangkas at sinimulang buuin sa isip ang kaniyang talumpati habang matuling naglalakad, hindi napapansin ang nalalakaran ngunit wala ring pakialam sa mga kotseng napapabusina tuwing napapalapit siya sa mga ito.

Ngunit hindi siya nakapagsalita. Pagkarating niya, higit dalawang oras na ang nakalipas mula nang umakyat sa entablado ang unang tagapagsalita at sinalubong na lang siya ng simangot ng Political Officer ng kanilang kolektibo at ngisi ni Bernard, ang pinakamatalik niyang kaibigan. Ipinaliwanag nito na halos isang oras nang tapos na ang yugto ng programa para sa YS. Galit na galit daw si Arlene, ang kanilang P.O., dahil marami pang iba bukod sa kaniya ang nakatakdang magsalita pero hindi nakapunta. Buti na lang daw dumating si Koy, ang isa pa nilang kakolektibo. Napamura siya nang marinig ang pangalan ng ayaw niyang mananalumpati. Nangiti

na lang si Bernard. Umiwas ng tingin si Banaag. Iyon ang ngiting hindi niya alam kung bakit napakalungkot ng dating sa kaniya, iyong ngiting higit na nagpapakita sa malamlam na mata ni Bernard, hindi siya mukhang paiyak, ngunit parang ang bigat-bigat niyong ngiti, parang may biglang pinapasan ang kaniyang mukha. Ayaw na ayaw niyang makita ang ngiting iyon ng tanging kaibigan niya.

Kay Bernard lang niya nasasabi ang kaniyang mga hinaing tungkol sa kilusan at sa mga tao rito. Wala siyang lakas na magbigay ng puna sa mga pulong at sa tingin naman niya hindi siya papakinggan ng kolektibo. Wala namang problema si Bernard sa ganitong sitwasyon kahit na isa ito sa mga masugid na sumusunod sa mga tuntunin ng kilusan; hindi rin siya nito pinapangaralan, tahimik lang itong nakikinig, ngumingiti, buti na lang paminsan-minsan lang, magbibiro ng kung ano-ano, ngunit madalang magbigay ng kuro. May pakiramdam na siyang gusto siya ni Bernard ngunit hindi naman ito nagtatapat. Hindi rin naman niya alam ang gagawin o sasabihin kung sakaling umamin ito. Natatakot pa rin siya sa maaaring kahulugan ng kaniyang mga panaginip at sa koneksiyon ni Bernard dito. Nang matapos ang rali at nagpaalam na sa kanilang kolektibo, naghintay na sila ng masasakyan sa magkabilang direksiyon. Naunang makasakay si Bernard ng pa-San Juan; kumuway pa ito bago umakyat at sumilip pa sa kaniya nang makaupo ito.

Pagdating naman ng pa-Quiapo, hindi niya agad napansin ang lalaking nakasabay niyang sumakay. Nakita lang niya ang mukha ng lalaki pagkaupo nito sa tapat niya. Nagsitindigan ang kaniyang balahibo sapagkat iyon na iyon ang itsura ng lalaking sundalo sa kaniyang mga panaginip, at hindi umaalis ang titig nito, malambing at nangungusap, sa kaniya. Hindi ito nakauniporme ngunit gayon pa rin ang maikling tabas ng buhok, ang malalaking braso at dibdib, ang kuntil sa kanang tainga, ang napakainosente niyang mukha. At hinding-hindi nawawala ang

ngiti nito, ang ngiting pinapaibig siya sa kaniyang mga panaginip, ang ngiting katulad na katulad ng kay Bernard.

Wala siyang duda, iyon ang lalaking iniibig niya sa kalagitnaan ng gabi, ngunit pagkagising ay kinatatakutan na. Noong una, hindi na lang niya ito tinitingnan at sumisilip na lang sa labas, ngunit tuluyan siyang nanghilakbot nang bumaba rin ito sa Quiapo, naghintay sa tapat ng anderpas at sumakay rin ng pa-Edsa Rotonda. Pagkaupo, nakatitig ulit ito. Hindi niya lubos maisip na may masamang balak ang lalaking iyon na ilang taon na ring hindi maalis-alis sa kaniyang gunita, hindi niya kilala ngunit klarong-klaro ang itsura sa kaniyang isip, ang mga sinasabi niya sa mga panaginip, ang mga usapan nila, ang mga sumpaan. Hindi niya matanggap na nasa sitwasyon na siya na laging pinapaalala ng kilusan na ingatan o iwasan, magmadaling umalis, mag-iba ng daan pauwi, tawagan ang mga kasama. Ngunit dama rin niya ang takot tuwing gumigising siya. Nasa kaniya noong sandaling iyon ang pawis niya tuwing umaga, ang mabibilis na pintig ng puso, ang malalalim at malalakas na paghinga, ang lamig sa kaloobang sa pagdilat lamang niya nararamdaman. Gayon pa rin ang titig ng lalaking sundalo. Pagkababa, isip niya, tatakbo siya hanggang sa makauwi at sa bahay na lang tatawag kay Bernard para samahan siya. Ngunit, pagkababang-pagkababa niya, magdidilim ang kaniyang paningin at mawawalan siya ng malay.

Didilat siyang muli sa isa nang bagong mundo, nakangiti na mula sa kaniyang malungkot na panaginip kasama ang lalaking sundalong sa pagkakaalala niya ay kaniyang nang pinapangarap mula pa noong bata pa siya. Gusto pa sana niyang matulog at managinip muli; sa hapon pa naman ang kaniyang klase at duty. Ngunit napansin niya ang kaniyang suot; napaupo siya sa gulat, lumingon-lingon sa paligid, naghahanap ng palatandaan ng nangyari sa kaniya kagabi. Nang wala siyang makita at wala ring maalala, humarap na lang siya sa salamin sa tabi ng

kaniyang kama, gaya ng madalas niyang ginagawa pagkagising, kahit noon sa dati pa niyang buhay. Hindi rin nag-iba ang kaniyang gawi. Habang nakayuko, dahan-dahan niyang hinawi ang buhok na nagtatakip sa kaniyang mukha, inipit ito sa likod ng tainga, pumikit muna ng ilang segundo, saka tumingin sa salamin.

Hindi pag-aayos ang pakay niya sa mga unang pananalamin tuwing umaga. Nakakatitig lang siya sa kaniyang mata. Ang kaniyang mata na sabi ng ama niya sa dati niyang buhay na hindi lamang basta kulay-asul, kundi kulay-ilog, kulay, ani Delfin, ng dalisay na tubig na hindi tumitigil sa pag-agos, katulad niyong ilog sa San Rafael, ang bayan ng pagkabata ng ama. At madalas, tuwing mapapansin nito ang kulay ng kaniyang mata, maaalala nito ang magandang buhay noon sa nayon, ang nakapapagod ngunit masayang pagsasaka, ang pistang magara, ang pamilya Cabral na bagaman mababa ang ibinibigay sa kanila ay lagi namang handang tumulong sa mga nangangailangan at umintindi sa kanilang pagkukulang, ang matagal na panliligaw niya kay Meni, ang palihim na pagkikita sa bukana ng gubat, ang kasal na nahirapang mairaos, at ang di-inaasahang pagdating ni Banaag sa kanilang buhay sa kabila ng kaguluhan. Ikinukuwento ni Delfin nang walang sawa ang mga ito kay Banaag kasama na ang gulong tinutukoy niya; ang pagpunta ng mga aktibista roon, ang pagtuturo ng mga ito hinggil sa karapatan nilang magsasaka at ang opresyong natatamasa nila sa pamilya Cabral, ang pagsali nila sa mga aktibista, ang pagtatangka na makabuo roon ng organisasyon at kooperatiba, ang mariing pagtutol ng mga Cabral sa balak na katapusan ng mapayapang ugnayan ng pamilya sa mga magsasaka, ang paglunsad ng mga protesta, ang bigla-biglang pagdating ng mga militar dulot diumano ng pagsulpot ng mga NPA roon, ang sunod-sunod na pagpaslang sa mga magsasakang nanguna sa mga pagpoprotesta at pagtatayo ng organisasyon. Pagkatapos ng libing, hindi na nila binalak na

magsampa ng kaso na ipinangakong aasikasuhin ng mga aktibista o sumali sa mga protesta para sa katarungan; lumuwas na lang sila, kasama siya na sanggol pa lang, patungong Maynila.

Ngunit hindi ang kuwento ng San Rafael at ng buhay ng kaniyang ama ang nakakapukaw ng pansin ni Banaag noong bata pa siya kundi ang mata rin nito na kulay-lupa. Tuwing nagsasalaysay si Delfin at nakatingin sa malayo, sinisiyasat niya ang mata nito, naghahanap ng kahit kaunti ng tulo ng tubig sa bilog na lupa. Hindi ito napapansin ng amang nag-aakalang lubhang interesado talaga ang anak kaya't tahimik. Ganoon din si Banaag kay Meni kapag pinagagalitan siya nito dahil umuwi na naman siyang marungis at pawis na pawis. Nakatitig lang siya, hindi nakikinig, walang sinasabi.

Isang beses, noong ginabi siya kina Vida sa kakalaro ng bagong Polly Pocket na binili ng ina nito sa Divisoria at kinailangan pa siyang sunduin ni Meni, higit na isang oras ang litanyang inabot niya. Sa tagal, naitanong na niya ang matagal na niyang kinikimkim, kung bakit iba ang kulay ng mata niya sa kanila. Hindi na rin kasi miminsan ang marinig niya ang bulung-bulungan ng kaniyang mga kalaro tuwing aawayin siya ng mga ito, hihiwalay sa kaniya bagaman ilang dipa lang ang layo at mag-uusap habang may ilang sumusulyap-sulyap sa kaniya; madalas niyang marinig na binabanggit ni Vida ang salitang ampon. Napatahimik bigla si Meni sa tanong; hindi na nito naipagpatuloy ang panenermon at pinatulog na lang si Banaag. Kinabukasan matapos nilang kumain ng hapunan, pinigilan siya ni Delfin na tumayo at iligpit ang pinagkainan. Nang malinis na ni Meni ang hapag at tumungo na sa kusina upang maglinis, nagsimulang magkuwento si Delfin kung bakit iba ang kulay ng mata ni Banaag.

Noon daw ikasiyam na buwan ng pagbubuntis ni Meni, kasagsagan ng mga pulong na umaabot ng hatinggabi, ninais nitong maligo sa ilog. Mag-isa pa siya sa bahay; pinag-uusapan pa nina Delfin nang gabing iyon ang posibilidad na makasama ang mga magsasaka ng San Rafael sa

nalalapit noong pambansang lakbayan. Alam niyang delikado ang daan at sa kahit anong sandali, maaari nang pumutok ang panubigan niya. Kampante naman si Delfin na iwan siya dahil halos katabi lang nila ang bahay ng komadrona. Ngunit hindi napapalagay ang kaniyang loob, hindi siya makatulog, parang may mali sa timpla ng kaniyang katawan, nalalagkitan siya rito kahit na kaliligo lang niya. Kaya't tumuloy siya sa ilog nang walang nakakaalam. Tumungo siya sa bandang gubat upang makatiyak siyang walang ibang tao. Nang wala nga siyang makita, hinubad niya ang kaniyang daster at naglublob sa tubig. Ngunit nagkamali siya, may ibang tao, o may ibang nilalang, na naliligo roon. Mga diwatang may matang malamlam na kumikinang kahit gabi, mga matang kasing kulay ng ilog sa mga unang sandali ng umaga. Nang umangat ang ulo ni Meni mula sa tubig, nasindak siya sapagkat nakapaligid na ang mga ito sa kaniya. Ngunit sinabihan siya ng kaharap niya na huwag matakot. Gumaan naman ang kaniyang pakiramdam nang masilayan niyang ang mukha ng mga itong kasing payapa ng sa mga estatwa ni Birheng Maria. Lumapit sa kaniya ang kaharap, hinaplos ang kaniyang tiyan at sinabing "Sa amin, magiging isa siya."

Nagulumihanan si Meni at tinanong kung ano ang ibig niyang sabihin ngunit nagsimula na silang lumayo at dahang-dahang naglaho. Ang sandali ng kanilang paglaho ang sandali rin ng pagputok ng kaniyang panubigan. Ngunit bago pa siya makaramdang ng sakit o pagkataranta, nang hindi man lang napaire o napahinga nang malalim, lumabas ang sanggol sa ilalim ng tubig at lumutang. Agad-agad niya itong inilapit sa kaniyang katawan; hindi umiiyak ang sanggol ngunit humihinga. Dumeretso siya sa bahay ng komadrona. Nagulat ito ngunit hindi na nagtanong; makuwento ito sa kung sino-sinong tao, ngunit hindi matanong. Wala itong nakitang problema; mabilisan siyang hinilot nito at pinutol ang pusod ng sanggol. Wala pa rin si Delfin nang makauwi siya. Nang makarating ito at makita ang mag-ina, kumaripas ito sa pagpanhik sa

tuwa at agad na tiningnan ang hindi pa rin umiiyak na sanggol. Ngunit mawawala ang lahat ng tuwa sa mukha nito nang mapansin ang mata ng bata na kulay-asul. Nagngangalit na itinanong ni Delfin si Meni na hindi nakapansin sa mata ng bata kung bakit gayon. Saka pa lang naintindihan ng ina ang ibig sabihin ng mga diwata at isinalaysay niya sa asawa ang kababalaghang naranasan niya. "Kulay-ilog ang iyong mata dahil diwata ka, anak," ang pagtatapos ni Delfin sa bersiyon niya ng kuwento.

Iyon ang una't huling beses na maririnig ni Banaag ang kuwentong iyon. Naniwala siya rito noong una at natuwa dahil kahit na ipinagmamayabang ni Vida na ayon sa nanay nito ay isa itong prinsesa, diwata naman siya. Ngunit paglaki niya, unti-unti niya na itong hindi pinaniwalaan, lalo na noong natutuhan niya ang materyalismong diyalektiko ni Marx at nabatid niyang walang duda ay lubos itong pinaniniwalaan ng kaniyang mga magulang. Kaya't nanatiling tanong sa kaniya kung ano nga ba ang kuwento sa kaniyang kulay-ilog na mata, lalo na't hindi naman natapos ang mga bulung-bulungan kahit na noong nasa loob na siya ng kilusan. Lalong-lalo na't bukod sa maikling tabas ng buhok, sa malalaking braso at dibdib, sa kuntil sa kanang tainga, sa napakainosente nitong mukha, asul din ang kulay ng mata ng lalaking sundalo ng kaniyang mga panaginip.

Hindi nagbago ang mga naaalalang panaginip ni Banaag noong maging nars siya. Matingkad pa rin ang una niyang natatandaang pagpapakita ng lalaking sundalo sa kaniya. Madalas niyang mapanood sa mga palabas o marinig sa mga kaibigan ang panaginip ng walang tigil na pagtakbo, walang humahabol ngunit wala rin namang pinatutunguhan. Nagkaroon din siya ng ganito, ngunit nasa malayong harapan niya ang lalaking sundalo, nakangiti sa kaniya, inuudyukan siya. At tuwang-tuwa naman siya, sabik na sabik na makarating sa lalaki. Ngunit hindi nga siya umuusad, nakakaramdam ng pagod, ng pawis, ng pagbagal, subalit hindi nababawasan ang

kaniyang tuwa, nakangiti lang din siya, kahit na napapagod na rin siya sa kangingiti. Nang nararamdaman na niyang mahihimatay, saka siya nagising, pawis na pawis, hapong-hapo, uhaw na uhaw.

Sa iba pa, may sinasabi na ang lalaking sundalo. Nasa kotse siya sa isang panaginip, may kasamang bata, anak niya. Nilalambing niya ito, kinikiliti, ngunit ilang sandali lang, nakatulog siya. Nang magising siya, wala na ang bata. Nasa labas na ito ng kotse, karga-karga ng lalaking sundalong nakangiti pa rin sa kaniya. Kahit nakasarado ang mga bintana, narinig niya ang sinabi nito. "Darating ang panahon na mawawala ang lahat at ako lang ang matitira." Bubuksan na sana niya ang pinto, ngunit walang bukasan. Nakakulong siya sa kotse habang lumalakad paatras ang lalaking sundalo, nakangiti sa kaniya. Noon niya nabatid na walang mukha ang kaniyang anak.

Sa isa naman, nasa tuktok silang dalawa ng mataas na bundok. Pakiramdam niya roon, nasa San Rafael ang bundok, kahit na walang bundok na naikuwento ang kaniyang ama, at hindi pa naman siya nakapupunta roon. Umiiyak siya; tatalon silang dalawa nang walang nakakaalam. May natatanaw siyang napakataas na dambana sa may dakong silangan; iyon lamang ang estrukturang malinaw ang anyo mula roon sa tuktok. Nakangiti pa rin ang lalaking sundalo. Niyakap siya nito nang mahigpit at naririnig niya itong humihikbi. Napalagay ang kaniyang kalooban. Handa na siyang tumalon ngunit hindi niya alam kung bakit nga ba sila magpapakamatay. Tatanungin pa lang sana niya ang lalaki ngunit nagsalita ito. "Dito tayo unang umibig. Sa una't huling sandali, akin ka." Saka sila tumalon.

Naitanong na rin niya sa isa pang panaginip kung sino siya, kung siya ba ang ama niya, ang kasintahan niya o kung sino man. Naglalakad sila noon sa Intramuros, dapithapon ang kulay ng paligid, malaginto ang naisip niya sa panaginip. Magkahawak sila, parehong tahimik. Sa may katedral siya nagtanong. Nakangiti pa rin ang lalaki nang sumagot, humarap sa kaniya at

hinawakan ang parehong kamay niya. “Sa isang yugto ng iyong kasaysayan, lumisan ka at iniwan ako.” Bumitiw siya at naglakad palayo ang lalaki. Noong ilang talampakan na ang kanilang pagitan, humarap ito. At sa isang iglap, nasa Luneta na sila, may kasama nang ibang sundalo ang lalaki, nakatali na ang kaniyang mga kamay ngunit nakaharap pa rin sa kanila. Tinutok sa kaniya ng mga sundalo, kasama ang lalaking nakangiti pa rin, ang kanilang mga baril at sabay-sabay na ikinasa. Nagising siya bago sila nakapagpaputok.

Nagigising ang aktibistang si Banaag na takot na takot, at minsan, muhing-muhi sa lalaking iyon, ang posibleng tanging susi sa misteryo ng kaniyang mata. Ngunit, paminsan-minsan din, at nabibigla siya sa damdaming ito, hinahanap niya ang mahigpit na yakap ng sundalo, ang nakapagpapatatag na kamay nito, ang hindi matanggal-tanggal na ngiti sa kaniyang mukha. Ito man ang natatanging susi niya, ito rin ang nagpaparami sa mga tanong tungkol sa kaniyang sarili at nakaraan. Tuwing nakakikita siya ng militar sa mga rali, o sa mga ilegal na checkpoint tuwing gabi, o simpleng palakad-lakad lang sa kalsada, mall o sa kung saan man na ipinagbabawal ng Saligang Batas dahil wala namang digmaan, kinakabahan siya, higit pa sa mga kakolektibo niya, ngunit hindi rin niya alam kung bakit. Gusto niyang iwasan sila, ngunit gusto rin niyang malaman kung isa ba sa kanila ang lalaking sundalo.

Iba ang nararamdaman ng nars na si Banaag. Walang naikuwento tungkol sa kulay ng mata niya ang kaniyang tiyo noong bata pa siya at sa Pilipinas pa ito nagtatrabaho; wala rin tungkol sa kaniyang mga magulang. Sinabi lang nito na namatay sila noong sanggol pa siya, at doon na natatapos ang kuwento. Walang itong binaggit na pangalan, o maski kung ano ang ikinamatay nila, o kung saan sila nakalibing para mabisita man lang niya. Tuwing magtatanong siya tungkol sa kanila, hindi sumasagot ang kaniyang tiyo, o sinasabing hindi na niya iyon kailangang malaman, hanggang sa mawalan na siya ng pagkakataong magtanong pa nang mangibang-bansa

ito. Hindi na rin sila nag-usap mula noon, pero kahit pa noong nasa bansa pa ito, bihira na rin silang mag-usap. Bihira din silang magkita noon, lagi na itong hatinggabi nakakauwi. Hindi rin sila lumalabas kapag wala itong pasok. Kinakausap lang siya nito kapag may iniuutos at siya naman kapag nakakalimutan nitong ibigay ang baon. Nang mangibang-ibang bansa ang tiyo niya, ang tanging ugnayan na lang nila ay sa perang pinapadala nito. Ni hindi na nga niya maalala ang itsura nito at hindi naman sila kailanman larawan para makapagpaalala sa kaniya.

Ang lalaking sundalo na lang, at ang malulungkot na panaginip ang kinakapitan niya. Sa kaniya siya tunay na nakadarama. Noong bata pa siya, iniisip niyang ito marahil ang ama niyang yumao. At nang magdalaga naman siya, itinuturing na niya ito bilang kaniyang ideyal at pinapangarap na kasintahan. Kinikilig siya sa mga linya ng sundalo at sa mga eksena nila; daig pa, isip niya, ang mga telenobela at pelikula.  At tuwing may nakakasalubong siyang sundalo sa daan, na napapansing niyang dumarami taon-taon, nginingitian niya ito. Madalas naman, sinusuklian din siya ng ngiti ng sundalo, at may ilan pang pagkakataong kinakausap siya at itinatanong ang kaniyang numero o nagyayayang lumabas.

Noong umaga ng kaniyang pagbabanyuhay, binabalik-balikan niya, mula nang tumitig siya sa salamin, habang naliligo siya, hanggang sa biyahe niya pa-Mendiola, ang kapapanaginip pa lang niya. Sa panaginip, nakapiring ang kaniyang mata at buhat-buhat siya ng lalaking sundalo. Ang naririnig lang niya ay ang mga kuliglig at ang mababagal na yapak ng sundalo sa damuhan. Humuhuni ito ng kantang hindi niya alam at nabatid niyang bumabagay ito sa tunog ng kuliglig. Naaamoy niya ang alimuom at saka niya nadamang basa silang dalawa. Kahit na wala siyang makita at may pakiramdam siyang mahuhulog siya sa isang bangin sa kahit anong sandali at para bang napakatagal na nilang naglalakad, napakapanatag pa rin ng kaniyang kalooban.  Tinanong niya ang sundalo kung saan sila patungo. “Hindi bulag ang ilog sa naganap,” ang sagot nito.

Iyon pa rin ang iniisip niya noong napadaan siya sa isa na namang rali sa Mendiola. Inuulit niya sa kaniyang isipan ang malumanay na tinig ng sundalo na kaibang-kaiba sa ingay ng paligid. Pumasok siya ng CEU nang hindi napapansin na ang biglaang raling iyon ay para sa nawawalang aktibista na nagngangalang Banaag at ang nagsasalita noong dumaan siya ay ang ina nitong si Meni, na bumiyahe pa galing Quezon. Hindi rin niya napansin na may nakabunggo pala siyang lalaki sa may kanto at iyon ang ama ng nawawala na si Delfin. Sa pagpasok niya sa pamantasang iyon, naging ganap na ang kaniyang pagbabago. Kung hindi lamang sana siya abala sa kaiisip sa kaniyang panaginip, pinansin nang kahit kaunti ang kaniyang paligid kung saan kalat-kalat ang kaniyang mga kakilala, kasama na si Bernard, tumingin sa ilang plakard kung saan nakadikit ang kaniyang ipina-xerox na larawan, at nakinig kahit papaano sa mga nanggagalaiting sigaw ng dati niyang mga kasama at sa nagmamakaawang tinig ng kaniyang dating ina, marahil bumalik agad sa dati, noon ding sandaling iyon, ang kaniyang buhay.

Ngunit hindi nga iyon nangyari. Ilan mang rali ang naidaos doon sa Mendiola na binabanggit ang kaniyang pangalan, napabalita man ang kaniyang pagkawala sa diyaryo, radyo at telebisyon—bagaman ilang araw din lang  naitampok dahil hindi naman pumatok—kahit isa, wala sa kaniyang mga kaibigan at kakilala ang nakapansin; hindi naman nila hilig ang makialam sa mga bagay na katulad ng balita, rali at politika. Nagpatuloy lang ang buhay ni Banaag bilang mag-aaral na nars. Lumipas ang maraming bagsak na pagsusulit, mga reklamo ng doktor, pasyente at kapuwa nars sa mga kamalian at katamaran niya tuwing duty, mga papuri sa paminsan-minsan niyang kasikhayan, ang mga pagtitimpi niya kay Clarisse lalo na noong nagkaboypren ito, ang linggo-linggo nilang pamimili at pagpa-party, ang panliligaw niya sa isang estudyante ng kriminolohiya sa PLMun, ang pambabasted na talagang ipinamukha sa kaniya, ang pagdaan ng huling taon sa kolehiyo na para bang isang iglap lang ito—lumipas ang

lahat ng ito habang  walang tigil ang paghahanap nina Meni at Delfin sa kaniya. Nagsampa sila ng kaso sa hukuman, kasama ang mga kamag-anak ng iba pang nawawala, nakipagsigawan sa mga kinatawan ng militar, dinalaw ang mga kampo, hanggang sa ipagamit nga ng Korte Suprema ang writ of amparo, ngunit gaano man sinasabi sa media na makasaysayan ang desisyong iyon ng korte, hindi nila makita ang kahit isang bakas o patunay na buhay ang kanilang anak. Humantong na sa puntong naubos na ang galit ni Meni. Tumatanggi na siyang magsalita sa mga rali at bihira na ring pumunta sa mga pulong. At si Delfin, natanggap nang hindi na niya makikita ang kaniyang anak. Sa puntong iyon, nakapagtapos na si Banaag ng kolehiyo at napilitan nang magtrabaho sa Mary Chiles Hospital dahil hindi siya natatanggap sa mga ospital sa ibang bansa. Nang mga panahong ding iyon niya nakilala si Alex, ang lalaking nagpatotoo sa kaniyang mga panaginip.

Sa LRT Line 1 sila unang nagkita. Nahuli si Banaag sa pagpasok kaya naunahan na siya sa mga upuan. Nakatapat niya si Alex na galing Baclaran. Madalas naman siyang paupuin ng mga lalaki ngunit ibang-iba si Alex. Habang nakatingala sa kaniya, sa gitna ng tren kung saan hangin na lamang ang nakakikilos, tinawag siya nitong binibini at sinabi nang malumanay, “Payagan mo sana akong ituring ang sandaling ito bilang ating muling pagkikita,” saka siya tumayo upang paupuin si Banaag. Umupo naman siya ngunit takang-taka, kinilatis niya ang mukha nito at sa pagkakatanda niya, hindi pa niya ito nakikita kailanman. Tinanong niya ito kung nagkakilala na ba sila, ngunit ngiti lamang ang isinagot ng lalaki. Agad-agad, nabighani si Banaag sa ngiti nitong napakalungkot na katulad na katulad sa lalaking sundalo. Bagaman iyon lamang ang hawig ni Alex sa sundalo, hindi man asul ang kaniyang mata, sumapat na iyon upang manumbalik kay Banaag ang nararamdaman niya sa loob ng mga panaginip. Nagpakilala siya sa lalaki, at sumagot ito, “Ikaw nga ang matagal ko nang hinahanap.”

Tuluyan nang nahulog si Banaag. Kilig na kilig siya. Hindi siya makapaniwalang nararamdaman niya iyon sa tunay na buhay. Niyaya siya nitong kumain. Buti na lang maaga siya pumasok para makapagtanghalian; tadhana nga naman, tuwang-tuwa niyang inisip. Sa UN Avenue sila bumaba at inakala niyang sa fastfood sila kakain, lalo na't may magandang Jollibee sa Kalaw. Nawala ang kaniyang pananabik nang umupo si Alex sa isa sa mga kakarag-karag na kainan sa parke sa ilalim ng estasyon. Gusto na sanang magpalusot ni Banaag at magmadaling umalis ngunit ngumiti ulit si Alex nang yayain siya nitong umupo. Gaano man niya pinandidirihan ang mga ganoong klaseng kainan, hindi siya makatanggi sa ngiti ng lalaki. Sinabi na lang niya rito hindi pa siya ganoong gutom at Piattos na lamang ang kakainin niya na ibinebenta rin doon sa kainan. Habang kumakain ng adobo at pansit, nagpakilala si Alex.

Limang taon nang nagtatrabaho bilang seaman si Alex at sa araw na iyon ay maghahanap ng bagong ahensiya dahil napag-alaman niyang dinadaya sila niyong dati niya. Nakalibot na raw siya sa iba't ibang panig ng mundo, mula sa Africa hanggang sa Europa. Ngunit hindi pa raw siya nakakikita ng kasingganda ni Banaag. Nagkunwari si Banaag na hindi niya napansin ang sinabi ng lalaki ngunit halatang-halatang namula siya. Sa tindi marahil ng damdamin, o sa pagnamnam sa papuri sa kaniya, ang hindi talaga niya narinig ay ang pagbanggit ni Alex na tubong San Rafael siya at nagtrabaho bilang kasamà roon, bagaman hindi sa isang Don Cabral, bagkus sa isang Don Miraflor.

Pagkatapos kumain, hiningi ni Alex ang numero ni Banaag at saka nagpaalam. Mula noon, lagi na siyang sinusundo ni Alex at tuwing day-off niya, lumalabas sila sa kung saan-saang hindi kinakailangang magbayad; madalas, ayaw man niya, sa Luneta o sa Baywalk. Minsan pa, nangungutang pa ito ng pera. Pero masayang-masaya naman si Banaag, sapagkat sa tuwing nanaisin naman niyang makasama si Alex, lagi itong puwede. Hindi rin naman niya iniinda

masyado ang pagkakunsumi niya kay Alex dahil ngingiti lang ito sabay magbibitiw ng mga palagay niyang pantelenobelang linyang hindi niya malaman kung saan nito hinuhugot, mawawala na ang lahat ng inis niya.

Isang gabi, pagkatapos nilang kumain ng chicken karaage sumo meal sa Tokyo Tokyo sa SM Manila, nangahas si Alex  na maglabas ng dalawang singsing na mumurahin at kupas nang ginto. Iyon daw ang singsing ng kaniyang mga magulang. Nais na niyang magpakasal sila at ang mga iyon sana ang gagamitin nila. Nang makita pa lang ni Banaag ang mga singsing, hindi na siya napalagay, pinaulit pa nga niya kay Alex ang sinabi nito dahil hindi niya naintindihan. At kahit na inulit na ni Alex ang kaniyang paanyaya, hindi siya makasagot, pero hindi dahil sa takot na magpakasal o sa pagiging hindi handa. Pakiramdam niya'y may alaala siya sa singsing na iyon, ngunit wala siyang mahagilap sa kaniyang isipan. Parang biglang naging blangko ang kaniyang mga gunita. Sa hindi niya nalamamang dahilan, may namuong luha sa kaniyang mata, at nailapat niya ang kaniyang mga kamay sa kaniyang mukha, katulad sa mga eksena ng marriage proposal na napanood niya sa pelikula o telebisyon. Nakatingin lang sa kaniya si Alex, nakangiti lang, na para bang alam na nitong ganoon ang magiging reaksiyon niya.

Ilang sandali pa, sa wakas, nagsalita na ang lalaking laging nakangiti. "Ang iyong mga nakalipas na lungkot at pait, ang iyong nakaraan, hindi ko pa ba nabura ang mga iyon? Hindi ka pa ba masaya sa akin?" At tuluyan nang naiyak si Banaag; tuluyan na ring nawala ang kaniyang pagkaligalig. Umoo siya nang buong giliw, paulit-ulit; pumayag siyang magpakasal nang wala nang kahit anong pag-aalangan. Habang naglalakad na sila pauwi, naaliw siya sa kakatingin sa mga singsing; sinusubok-subok pa nga niya ang mas maliit sa kaniyang daliri, saktong-sakto. Kung naroon lang sana siya sa dati niyang buhay, matutuwa sana siya sa pagkakabatid na

magkasinglaki lang ang kamay nila ng kaniyang ina. Dahil ang mga singsing na iyon ay ang mismong mga pangkasal na singsing nina Meni at Delfin.

Makalipas ang isang linggo, nagpakasal na nga sila. Sa huwes lang, at si Clarisse, na noon lang niya muling kinausap mula noong nagtapos, at ang dati niyang boypren na noo'y asawa na niya ang mga saksi. Pagkauwi nina Banaag, sabik silang humiga. Sa kanilang bagong biling kama, mahinhin ang mga galaw ni Alex. Malambot ang paghalik niya kay Banaag, mabagal ang paglalaro ng kanilang mga dila. Kahit na kasinggaspang ng papel de liha ang kaniyang mga kamay, mahina ang paglapat nito sa maliit na dibdib ni Banaag. Dahan-dahan ang paghalik niya, pagdila at pagsipsip sa mga utong. Abot-tuhod ang kiliting naramdaman ni Banaag. Tumugon naman siya sa paghalik sa iba't ibang bahagi ng katawan ni Alex, sa dibdib, sa tiyan, sa kamay, sa daliri, sa singit, sa tayong-tayo nang ari. Mas mapusok siya. Sa mga sandali pa lang na iyon, nakaramdam na siya ng pagkabasa, at sinabi niya ito kay Alex. Alex, basa na ako. Ngumiti si Alex, iyong napakalungkot niyang ngiti, at maingat na ipinasok ang kaniyang ari sa masikip na puke ni Banaag. Parang banayad na pag-agos ng ilog ang halos walang puwersang pagtaas-baba ng katawan ni Alex.

At para ngang nasa ilog si Banaag habang nasa loob niya ang lalaking iniibig. Bagaman nakahihinga pa rin, pakiramdam niya'y nasa ilalim siya ng ilog at nalulunod, at ang paggalaw ng katawan ni Alex ay ang agos ng ilog na umiipit sa kaniyang paghinga. Tahimik lamang siya noon, nakagat sa labi at nakapikit. Ngunit, sarap na sarap siya at para bang naranasan na niya iyon dati. Nang pumutok si Alex, sumabay ang pagdilat at malakas na paghinga ni Banaag dahil pakiramdam niya, nakaahon siya mula sa matagal na pagkalubog sa tubig. Hingal na hingal silang pareho. Si Banaag, pinakiramdaman ang madilim na kuwarto, dahil para bang nasa isang bagong mundo siya, para bang bago siyang silang. Bago ilabas ni Alex ang kaniyang ari, niyakap

niya si Banaag, at sinabi, “Mahal na mahal kita.” Sa mga salitang iyon naganap ang sandaling kaligayahan ni Banaag.

Sandali lang din silang nagsama sa apartment. Halos isang buwan matapos ang kanilang kasal, ibinalita ni Alex na nakapasok na siya sa isang ahensiya at sa susunod na linggo ay makakasama na siya sa isang barko. Malungkot at masayang tinanggap ito ni Banaag. Hindi pa niya alam noon na may nabuo sila ni Alex. Niyakap niya ang kaniyang asawa sa piyer bago ito umalis nang hindi naiisip na posibleng nabuntis siya at kung sakali, manganganak siya habang nasa dagat si Alex. Iyon ang natuklasan niya, ikinatuwa at ikinabahala nang magpatingin siya matapos niyang mabatid na dalawang buwan na siyang hindi nagkakaroon. Dalawa ang agad niyang tinawagan: sina Alex at Clarisse. Walang nasabing malatelenobela si Alex, iyong gastusin ang inalala nito. Baka hindi sumapat ang kikitain nito, lalo pa’t baka kailanganin niyang tumigil sa pagdu-duty. Si Clarisse ang tuwang-tuwa; nagulat nga si Banaag sa naging reaksiyon ng kaibigan. Inunahan pa nga siya nito at sinabing walang problema kung umutang siya; maghahanap pa nga ito ng kasambahay para may mag-asikaso sa kaniya. Lumuwag ang loob ni Banaag matapos nilang mag-usap ni Clarisse. At lubusan siyang natuwa na magiging ina na siya.

Wala ngang gaanong problema ang siyam na buwan ni Banaag. Sa laki ng pinahiram na pera ni Clarisse na nakapagtatakang sabik na sabik, nakuha niyang lumiban muna sa trabaho noong lumaki na ang kaniyang tiyan. Hindi na rin niya halos naisip na madalang na kung tumawag si Alex. Sa mga panahong iyon, madalas siyang wala sa bahay kahit na sinasabi ng kaniyang doktor na mainam na sa nagpapahinga lang siya. Halos araw-araw silang nasa kung ano-anong mall ni Clarisse at ng kasambahay niyang si Imelda. Madalas silang tumatambay sa Starbucks o sa Coffee Bean kapag pagod na sila sa kaiikot sa infant section ng department store at iba’t ibang stall na pangsanggol. Asul lagi ang binibiling gamit ni Banaag para sa kaniyang anak. Hindi

dahil nalaman na niyang lalaki ito, kundi dahil naniniwala siyang asul din ang magiging kulay ng mata nito at lalong papansinin ang kaniyang anak kung itutulad niya sa mata ang kulay ng damit at gamit nito. Tuwang-tuwa si Banaag na isiping dalawa na silang asul ang mata. Tuwang-tuwa siyang isipin na may kadugo na siya.

Sa ikasiyam na buwan, sa araw ng kaniyang huling check-up sa doktor, may naganap na rali sa Mendiola. Naabutan iyon nina Imelda at Banaag nang makababa sila sa estasyon ng Legarda at papunta na sanang Mary Chiles. Ubod nang lakas ang paghiyaw ng galit na galit na nagsasalita sa entablado. Sa wakas, dahil sa lakas at sa pagkairitang nadudulot ng pagkabuntis, pinansin ni Banaag ang mga nagrarali at tiningnan kung sino ang nagsasalita. Natigilan siya sa paglalakad. Hindi lamang galit ang nasa entablado, galit itong umiiyak. Kinukuwento nito na natagpuan noong nakaraang araw ang bangkay ng kaniyang anak sa isang talahiban sa Meycauayan. Katabi ng bangkay ang mga gamit nito noong huli itong nakita, ang selpon, ang mga watawat at polyeto, ang pekeng Barbie na bag. Hindi mabilang ang mga saksak sa katawan at tinanggal ang mga mata. Ang magagandang mata ng kaniyang anak. Katarungan at pananagutan ang kaniyang hinihingi.

Sa sandaling iyon, may nag-abot kay Banaag ng polyeto kung saan nakaimprenta ang nakagigimbal na larawan ng walang matang bangkay. At nang tingnan ito ni Banaag, naalala niya kung sino siya dati. Ang Nanay Meni niya ang nasa entablado. At siya iyong nasa polyeto.

Noon din, pumutok ang kaniyang panubigan. Mahinang-mahina niyang naipaalam kay Imelda ito. Pumutok na, Imelda. Pinaulit pa ng kasambahay. Imelda, pumutok na. Nang lubusan itong maintindihan ni Imelda, nataranta ito, naghanap ng kung anong masasakyan. Ngunit si Banaag, tulala lang, nakatingin pa rin sa polyeto. Unti-unti niyang naaalala ang lahat, ang mga dati niyang gunitang nagsasalimbayan sa mga gunita ng kaniyang kasalukuyang buhay. Ang

matingkad na mga imahen nina Meni at Delfin, ang kanilang mga kuwento at pangangaral, ang mga yakap at tagubilin laban sa hindi na niya maalalang itsura ng kaniyang tiyong hindi na niya alam kung nasaan. Sina Bernard, Clarisse at Alex. Ang mga kasama niya sa kolektibo at ang mga kaklase niya sa nursing. Ang kaniyang mga pagtitig sa salamin. Ang kaniyang kulay-ilog na mata. Ang kaniyang mga panaginip. Ang lalaking sundalo.

Nang isakay na siya ni Imelda sa isang taksi, inaalala na niya ang mga nangyari noong gabing nagbago ang buhay niya. Pagkababa niya sa dyip, may kamay na nagtakip sa kaniyang ilong at bibig gamit ang isang panyo at siya'y nawalan ng malay. Nang magising siya, katulad ng kaniyang napanaginipan, nakapiring ang kaniyang mata at buhat-buhat siya ng isang lalaking kumakanta at naglalakad sa damuhan. Pinilit agad niyang makalawa ngunit nakatali ang kaniyang kamay at paa at hinigpitan ng lalaki ang hawak nito.

Nang tanggalin ng lalaki ang kaniyang piring, nakatali na siya sa upuang nasa dulo ng isang malawak ngunit walang lamang bodega, nakalulusot sa daan-daang butas at siwang ng mga kahoy ang malumbay na sinag ng buwan. Tinatamaan nito ang lalaki. Ang lalaking sundalo nga iyon. Nang humarap ito kay Banaag, natiyak na nga niya; kitang-kita ang asul na mata nitong nakatingin deretso sa kaniya ring asul na mata. Nagsalita ito. "Inutusan akong patayin ka. Wala nang kahit anong interogasyon dahil alam naman namin kung sino-sino ang mga kasamahan mo at pinuno niyo," bigla siyang ngumiti, iyong napakalungkot niyang ngiti, "ngunit matagal din kitang hinanap."

Iyon lang ang kaniyang sinabi. Tumalikod ito sa kaniya at umupo sa isang malayong sulok,nakayuko. Hinang-hina siya para makapiglas pa. Nakatulala lang siya buong gabi, wala siyang maalalang naisip niya noon. Napakatagal lang talaga ng gabing iyon. Hanggang sa makatulog nga siya.

Nang makarating sila sa ospital, sinabi ng doktor na kailangan na siyang ideretso sa delivery room. Habang papunta roon, naalala niya ang mga sumunod pang araw doon sa bodega, kahit na may iba na siyang buhay noon. Nang magising siya, iyong araw na naging nars din siya, wala na ang lalaking sundalo at hindi na siya nakatali. Tumakbo siya sa pinto. Ngunit nakakandado o may harang ito sa labas. Kahit anong sipa, tulak o suntok ang gawin niya, walang nangyayari. Naghanap siya ng marupok na bahagi ng kahoy na dingding. Ngunit wala siyang mahanap. Dalawang upuan at isang mesa lang ang naroon sa bodega. Sa mesa, may nakahandang mainit-init pang kanin at adobo na sasapat hanggang gabi. Sa gutom, naubos niya lahat sa isang upuan. Pagkatapos, hindi na niya alam ang gagawin. Nag-isip pa siya ng paraan para makatakas ngunit wala talaga. hindi niya maalala ang kaniyang napanaginipan, kung may napanaginipan man siya. Umupo siya. Nang mangalay sa kauupo, sumandal na lang sa isang sulok. Sa isa pang sulok, may halatang kagagawa lang na butas. Doon siya umihi at doon na rin dudumi sa mga susunod na araw. Pagkatapos,sa mesa naman siya umupo. Umupo rin sa siya isa pang upuan. Hanggang sa antukin siya at natulog sa magaspang na semento. Gabi na naman nang siya'y magising, ngunit nasa banig na siya. Naroon na ulit ang lalaking sundalo, nakaupo, nakatingin sa kaniya at nakangiti. Humingi ito ng tawad dahil kulang pala ang pagkaing iniwan niya. Sa susunod na araw, nangako itong dadamihan ang ihahanda. Hindi siya sumagot. Umupo siya, hindi nagsasalita. Gusto niyang sigawan ang sundalo, sabihing palayain siya, takuting gaganti siya kapag nakatakas. Ngunit tahimik lang siya. Tahimik lang siya lagi. Ang lalaking sundalo ang maraming sinabi. Ikinuwento nito ang nangyari noong araw na iyon. May nadakip na naman sila. Minalas at pinakanta, tinortyur, kinuryente ang bayag. Lalong minalas at iniwang buhay. Sa susunod na buwan pa nila palalayain. Halos buong gabi ito nagkuwento. Kapag hindi na maituloy ang kuwento, kakanta ito, mga kantang natutuhan daw nito sa mga aktibista. Ilan doon

mga paborito niya. Nang mga madaling-araw na, bigla na lang itong umiyak, umiyak lang nang umiyak. Nakatingin lang siya, ni hindi nagtataka. Hindi na maalala ni Banaag kung anong naramdaman niya noon.

Pagkagising niya sa susunod na araw, wala na naman siyang maalalang panaginip. Hindi na niya sinubok makatakas. Hindi na niya inisip tumakas. Kumain na lang siya. Umupo, kumanta. Kumain ulit at hinintay ang pagdating ng sundalo hanggang sa makatulog ulit siya. Dumating muli ang sundalo at nagkuwento't kumanta. Mataimtim naman siyang nakinig. Minsan maglalakad siya, pero nakikinig pa rin naman. Minsan, pareho na silang naglalakad, tuloy pa rin ang kakaibang kuwentuhan. Ganoon lagi ang nangyari, habang siya, kung sino man ang siya na iyon, ay nagiging nars. Paminsan-minsan, hinihiling niyang maligo siya. Pipiringan ulit siya ng lalaki at bubuhatin. Pagtanggal ng piring, nasa isang ilog na sila. Habang katabi ang sundalo, naghuhubad siya at lalangoy sa ilog. Nakamasid lang sa kaniya ang sundalo, nakangiti pa rin. Hindi niya ito ininda kahit na malay na malay siyang pinagmamasdan siya. Naaalala niya lagi ang kuwento ng kaniyang ina. Sa susunod na gabi, may dala nang bagong damit ang sundalo. Lagi na rin itong gagawin ng lalaki tuwing maliligo siya sa ilog.

Nang nasa kalagitnaan na siya ng panganganak, noong halos hindi na niya makayanan ang sakit, naalala niya ang isang beses na naligo siya. Pag-ahon niya, niyakap siya ng sundalo. Mahinang-mahinang yakap. At nakaramdam siya ng malambot na malambot na halik. At sumagot siya sa sundalo, sa unang pagkakataon, sa pamamagitan ng mahigpit na yakap at mainit na halik. Nahiga sila sa mamasa-masang lupa.  May namumuong luha na sa kaniyang mata nang maalala niya ang sinabi niya sa sundalo nang mga sandaling iyon. Alex, basa na ako.

Tuloy-tuloy ang mga alaala. Habang papalapit na ang paglabas ng kaniyang inalagaan ng siyam na buwan, nasa isip niya ang pakikipagtalik nila ng sundalo. Ang pagpasok nito sa

kaniyang kalooban. Ang parang ilog na galaw ng katawan nito. Ang pakiramdam niyang nalulunod siya, na naramdaman niya kay Alex. Na nararamdaman din niya noon sa delivery room, na para bang nanganganak siya sa tubig. Katulad ng ikinuwentong panganganak ng kaniyang ina. Sumisigaw na siya, malapit na malapit na, nang maalala niya ang sinabi ng sundalo pagkatapos nitong labasan. “Mahal na mahal kita, Banaag.” Noon, noong sandali ring iyon, ang lalaking sundalo, si Bernard, at si Alex ay naging iisa ang mukha sa kaniyang alaala.

At sa mismong sandali ng paglabas ng kaniyang dinadala, sa sandali ng pinakamalakas na sigaw na narinig sa ospital na iyon, isang napakatagal na sigaw, hindi na ang delivery room at ang mga doktor at nars ang kaniyang nakikita, kundi ang gabi, ang kumikinang na mga tala at ang ilog. Nawalan siya ng malay pagkatapos.

Kambal na babae ang ipinanganak niya. At parehong asul ang mga mata. Katulad na katulad ng sa kaniya. Katulad ng katulad ng kina Bernard at Alex, ng sa lalaking sundalo. Kulay-ilog, ayon nga sa paglalarawan ng kaniyang ama. Dinala sila sa kaniya nang magising siya. Hindi na niya muna sila kinarga; hinang-hina pa rin siya. Taimtim lang na tiningnan ni Banaag ang kaniyang mga anak.

Hindi pagdedeliryo ang mga nagunita niya. Dadalawa pa rin ang kaniyang alaala. Ngunit, hindi niya naaalala ang kaniyang pagkamatay. May pakiramdam pa nga siyang naroon pa rin siya sa bodega. Na nasa ibang lugar din siya sa mga panahong iyon. Hindi niya naririnig ang pagbabalita ni Imelda na papunta na si Clarisse at out of reach pa rin si Alex. Hindi na siya makapag-isip. Ngunit hindi rin siya makaramdam ng pagkabahala. Makalipas ang ilang minuto, nagpasiya na siyang buhatin ang kaniyang mga anak.

Noong kapuwa na niya dala ang kambal, noong makita niya ang hawig ng dalawa, ang kanilang mga mata, nangiti si Banaag, iyong napakalungkot na ngiti, iyong napakabigat na ngiti.

At batid niyang iyon ang kaniyang iningiti. Ngunit hindi niya batid, kung bakit ang payapa ng kaniyang damdamin nang mga sandaling iyon, na sa kabila ng kaguluhan sa kaniyang isip at buhay, masaya siya habang nasa kaniyang mga palad ang kambal. Para bang sila ang sagot sa kaniyang mga suliranin.Sa katahimikan, bumulong siya sa kanila. Sa akin, iisa kayo.

Napakaingay ni Clarisse nang dumating, naiiyak na natutuwa sa kambal na gusto niyang pangalanang Mara at Clara, o Mari at Mar, na sinang-ayunan naman ni Imelda; at pinagmumura ang hindi pa nagpaparamdam na Alex. Nakangiti lang si Banaag na nakikinig sa kanila. Pagsapit ng gabi, dumating ang asawa ni Clarisse para tingnan din ang kambal at para sunduin na rin si Clarisse. Pinasabay na ni Banaag si Imelda. Ihahanda't lilinisin pa nito ang apartment para sa pagdating ng kambal. Pagkaalis nilang tatlo, mapayapang pumikit si Banaag.

Noong dalawin ng isang nars ang kuwarto ni Banaag, wala itong naabutan. Nagkagulo sa ospital, iyong pagkagulong hindi nakagagambala ng ibang pasyente, na kahingian ng isang maayos at pinagkakatiwalaang ospital. Hinanap si Banaag. Tinawagan si Imelda. At tinawagan naman ni Imelda si Clarisse. Nang makarating ang dalawa, saka nagkasigawan. Nag-eeskandalo si Clarisse at nagpapaliwanag ang mga nars at doktor. Dumating ang tinawagang pulis ni Clarisse. Nagtanong-tanong ito. Ngunit walang kahit anong lead. Napaupo si Clarisse at napaiyak. Sumabay na rin si Imelda. Habang ang ibang nars ay patuloy pa rin sa paghahanap sa ospital. Lahat ng ito ay naganap habang tulog na tulog sa nursery ang kambal.

Kinabukasan, nagmartsa ulit ang mga aktibista papuntang Mendiola, ngunit alam na alam nilang hindi na sila pagbibigyan ngayon. Ngunit kailangang subukin. Para kay Banaag pa rin iyon. Para sa kaniyang paglitaw. Napag-alamang hindi kay Banaag ang bangkay na natagpuan noong isang araw.